Filipino

# Olivia's Place

## Impormasyon at Paglilingkod ukol sa Pagbubuntis at Pagiging Bagong Magulang



# Pulyeto ng mga Serbisyong Ipinagkakaloob ng Olivia's Place




## ORAS NG PAGBUBUKAS

Bukas Tuwing Lunes at Huwebes
Tignan ang aming websayt para sa mga Kasalukuyang oras ng operasyon

Ang Olivia's Place ay nakatuon sa kaligtasan ng mga bata.

Ang Olivia's Place ay nakikipag-ugnayan sa mga naghahatid ng lokal na serbisyong Katutubo (Indegenous) at sa mga pamilyang mayroong kasaping Aboriginal o Torres Strait Islander ang pagkakakilanlan.







## Makipag-ugnay sa samin sa pamamagitan ng mga sumusunod na detalye


PO Box 688, Warragul, VIC, 3820

(03) 5622 1022

info@oliviasplace.org.au

www.oliviasplace.org.au

@oliviasplacewarragul

@olivias_place


**Ang iyong mga puna at mungkahi ay mahalaga**
www.oliviasplace.org.au/feedback


Ang pag-print ng pulyetong ito ay hatid ng: Viatek

Isinalin mula sa Ingles ni Cielo Inman

Version 1.0 Reviewed September 2020

## PAGBIBIGAY AKSES SA MGA SERBISYO

Ang Olivia's Place ay nakikipag-ugnayan sa mga magulang na inaasahan ang pagdating ng sanggol, pati na rin ang mga magulang o tagapag-alaga ng mga batang edad hanggang isang taon. Kung ikaw ang nagdadalang-tao , may anak na ang edad ay hindi hihigit sa isang taon o nakaranas ng pagkawala ng pinagbubuntis, kami ay nandito upang magbigay ng tulong at saklolo.

Upang mabigyang akses sa mga serbisyo ng Olivia's Place, maaring makipagsangguni sa amin ang ahensyang kasalukuyang nagbibigay sainyo ng tulong o ang inyong maternal child health nurse. Maari ring kayo mismo ang pakipag-ugnayan sa amin.

Walang dalawang magulang ang makakaranas ng parehong mga pangangailangan sa pagdating ng isang sanggol. Sa pamamagitan ng aming propesyonal na pagsasanay at kakayahan, at dahil kami ay mga magulang din, aming nauunawaan ang karamihan sa mga paghihirap na hinaharap ng mga bagong magulang. Kami ay natatanging itinatag upang magbigay ng suportang inyong hinahanap.

## ANG AMING TEAM

Ang aming mga kawani ay mayroong propesyonal na kasanayan at pagdadalubhasa ukol sa pagbubuntis at pagtulong sa pagiging magulang. Ang mga serbisyong ito ay mananatiling lihim at ipagkakaloob ng walang paghuhusga. Ang aming Family Support Workers ay makikipag-usap sa inyo sa loob ng isang maginhawa at mapagkakatiwalaang kapaligiran.

Kami ay makikipag-ugnayan upang kilalanin ang inyong mga pangangailangan. Ito ay sa pamamagitan ng pagbigay ng direktang suporta o pag-gabay upang kayo ay makakuha ng akses sa iba pang mga serbisyo na maaring makatulong sainyo. Karamihan sa aming mga programa ay pinapatakbo ng mga mapagbigay na boluntaryong kasapi, na hangad na mabigyan kayo at ang iyong pamilya ng pinakamainam na pagsisimula sa buhay.

**'Kailangan ng isang nayon upang maitaguyod ang isang mag-anak.'**

## MAAGANG PAGBUBUNTIS

Ikaw ba ay nagdadalang-tao? Kung ikaw ay nakararanas ng mga pagsubok sa anumang yugto ng iyong pagbubuntis, mula sa unang pagkatuklas hanggang sa panganganak, kami ay maaring magbigay ng supporta sa inyo. Maraming mga bagong magulang ay nakakaramdam na maaring hindi sapat ang kanilang paghahanda. Ang pagdating ng kanilang sanggol ay parehong nagdudulot ng pananabik at pangamba. Ang Olivia's Place ay makatutulong upang kayo ay maging mas handa at magkaroon ng kumpyansa sa sarili bilang bagong magulang ng sanggol.

## MAAGANG PAGIGING MAGULANG

Dahil sa mga antenatal classes, ramdam ng maraming magulang na sila ay mas handa para sa pag-labour at panganganak, ngunit maaring hindi para sa kung anuman ang susunod. Ang pakiramdam na ito ay pangkaraniwan, ngunit hindi kailangang danasin ang mga pagsubok ng pagiging magulang ng mag-isa. Ang Olivia's Place ay makakatulong upang matutunang kilalanin ang mga pangangailangan ng iyong sanggol, at sa pagsusuri sa lahat ng kaalamang maari mong magamit sa iyong pagbubuntis. Kami ay makapagbibigay-alam sainyo kung ang inyong lokal na lugar ay mayroong mga serbisyo at tulong para sa patuloy na pagsuporta.

**LAHAT NG SERBISYONG IPINAGKAKALOOB NAMIN SA MGA PAMILYA AY WALANG BAYAD.**

**ANG AMING MGA SERBISYO AY KUMPIDENSYAL AT LAHAT NG MASELANG IMPORMASYON AY MANANATILING PRIBADO.**





## MGA SERBISYONG IPINAGKAKALOOB

Mga pagtulong na mananatiling lihim at angkop sa inyong indibidwal na kalagayan.

- Suportang panlipunan at emosyonal na naglalayong mabawasan ang paghihiwalay sa lipunan na maaring maranasan ng mga bagong magulang. Matutulungan din namin kayong mahanap ang mga lokal na serbisyo na maaring mapagkuhanan ng patuloy na pagsuporta.
- Praktikal at materyal na tulong na angkop sa inyong mga pangangailangan tulad ng mga gamit sa silid ng sanggol at mga damit pambata at pang-buntis.
- Pagkawala ng pinagbubuntis at suporta sa panahon ng kahirapan at dalamhati.
- Karunungan ukol sa pagiging magulang at paghahanda sa pagdating ng bagong sanggol.
- Mga pasilidad sa pagpapalit o pagpapadede ng sanggol na maaaring magamit habang bukas ang tanggapan.